

ASIA WORKSHOP:
IYAFA 2022-Celebrating Sustainable and Equitable Small-scale Fisheries
[IYAFA 2022-Pagdiriwang ng Sustenable at Patas na Artisanong Pangisdaan]

#

Sesyon 2: Panlipunang pag-unlad tungo sa sustenableng pangisdaan, seguridad sa pagkain at pagpuksa sa kahirapan

Sa konteksto ng maliliit o artisanong pangisdaan, ang panlipunang pag-unlad ay nagpapahiwatig ng pagsulong ng kapakanang pankalahatang ng mga komunidad na pangpangisdaan at ang pagtiyak ng panlipunang pag-unlad ay maaring magbunga ng sustenable at responsableng pamamahala ng pangisdaan. Ang proteksyong panlipunan ay isang mahalagang bahagi ng panlipunang pag-unlad at gumaganap ng mahalagang papel sa pagbibigay ng kinakailangang tulong sa panahon ng mga natural na sakuna, krisis sa pangisdaan, o sa panahon ng mga pandemya tulad ng COVID-19. Bilang isang pamamaraan sa pagpapaunlad ng lipunan, habang binabawasan ang panlipunang eksklusiyon o diskriminasyon, ay inaasahang makalilikha ng isang kaaya-ayang ispasyo para sa pagkukop ng isang ekosistemang pamamaraan sa pamamahala ng pangmunisipal o artisanong pangisdaan, na maaaring mag-ambag sa sustenableng pangisdaan at seguridad sa pagkain, at upang mapuksa ang kahirapan sa mga komunidad na pangpangisdaan, kung sinusupportahan ng tamang mga patakaran at programa.

Nakapaloob sa mahahalagang elemento ng panlipunang pag-unlad ayon sa Voluntary Guidelines for Securing Sustainable Small-Scale Fisheries in the Context of Food Security and Poverty Eradication (ang SSF Guidelines) ang: (i) pamumuhunan, paglikha at pagbibigay ng abot-kayang akses sa kalusugan, edukasyon, kaalaman at pagkabilang sa digital na pag-unlad; pabahay, sanitasyon, inuming tubig at enerhiya; at pag-iimpok, kredito at insurance; (ii) pagtiyak ng akses sa hustisya; (iii) pagpapabuti ng kaligtasan sa dagat at sa panloob na katubigan at pagbibigay-pansin sa pansakunang pamamahala; at (iv) pagtataguyod ng disenteng trabaho para sa lahat ng manggagawa sa sub-sektor, at paggarantiya ng makatuwirang kumpensasyon sa kanilang paggawa sa pangisdaan, at pagtiyak ng patas na balik biyaya sa pamumuhunan ng mga komunidad na pangpangisdaan sa kapital at pangpangisdaang pamamahala.

Ang mga elemento ng disenteng trabaho na nakapaloob sa panlipunang pag-unlad ay: produktibong paggawa (pormal at impormal), pagprotekta sa mga karapatan sa paggawa, at pagbibigay ng *social protection* tulad ng social assistance at social security, na dapat kasama ang: mga benepisyo para sa bata at pamilya, mga benepisyo sa maternidad, mga benepisyong pangkalusugan, mga benepisyo sa pagkakasakit, mga benepisyo sa pinsala sa trabaho, mga benepisyo sa kawalan ng trabaho, mga benepisyo sa pagtanda at mga benepisyo ng para sa mga niawanang yumaong trabahador gaya ng inirerekomenda ng International Labor Organization

(ILO). Ang mga alituntunin ng SSF ay nagsusulong din ng proteksyong pang-social security para sa mga manggagawa sa municipal o artisanong pangisdaan (talata 6.3).

Mahalagang bigyang pansin ang karagdagan sa Goal 14: Pangalagaan at sustenabling gamitin ang karagatan, dagat at yamang dagat para sa sustenableng pag-unlad, ilang elemento ng panlipunang pag-unlad ay nasasaklaw ng Sustainable Development Goals. Kabilang sa mga ito ang: Goal 1: Wakasan ang kahirapan sa lahat ng anyo nito sa lahat ng dako (na kung saan, nagkataon, kasama rin ang target 1.3 na ipatupad ang pangkalahatang sistema at panukalang social protection na naaangkop sa buong bansa); Goal 2: Wakasan ang kagutuman, makamit ang seguridad sa pagkain at mapaunlad ang nutrisyon at itaguyod ang sustenableng pagsasaka; Goal 3: Tiyakin ang malusog na pamumuhay at itaguyod ang kabutihan para sa lahat sa lahat ng edad; Goal 4: Tiyakin ang inklusibo at patas na kalidad ng edukasyon at itaguyod ang panghabambuhay na pagkakataon sa pag-aaral para sa lahat; Goal 5: Makamit ang pagkakapantay-pantay sa kasarian at bigyan ng kapangyarihan ang lahat ng kababaihan at mga batang babae; Goal 8: Isulong ang tuloy-tuloy, inklusibo at sustenableng paglago ng ekonomiya, buo at produktibong paggawa at disenteng trabaho para sa lahat; at Goal 13: Agarang aksyon upang labanan ang pagbabago ng klima at ang mga epekto nito.

Mga Tanong para sa Pang-grupong Talakayan

1. Sa iyong pambansa o lokal na konteksto, ang maliliit o municipal na komunidad pangpangisdaan, kabilang ang mga babae, lalaki at bata, ay may abot-kaya (at sapat) na akses sa kalusugan, edukasyon, pabahay, kalinisan, inuming tubig at mga pasilidad pang-enerhiya at serbisyo, na katumbas ng natatamasa ng ibang mamamayan? Paano pa mas mapapabuti ang pag-akses sa mga pasilidad at serbisyong ito? Anong papel ang maaring papel ng mga samahang pangkomunidad sa pangisdaan at mga pangasiwaang pangpangisdaan?
2. Lahat ba ng mga miyembro ng maliliit o municipal na komunidad sa pangisdaan at mga manggagawa ay nagtatamasa ng social security protection sa pamamagitan ng social assistance o mga iskema ng social insurance, kapwa sa sektoral at unibersal (pambansa) na antas? Mayroon bang anumang diskriminasyon laban sa anumang pangkat, kabilang ang mga kababaihan at migranteng manggagawa, sa pagpapatupad ng mga iskema na ito?
3. Dumarami ba ang bilang ng mga aksidente sa dagat/katubigang-tabang na may kaugnayan sa pangisda? Mayroon bang mga isyung pangkaligtasan, sa konteksto ng pandagat at panloob na pangisdaan, na nagmumula sa matinding panahon at pagbabago ng klima? Paano mo mapabubuti ang pangkalahatang kaligtasan ng mga operasyon sa pangisdaan sa harap ng mga banta na ito?